Paunawa para sa mga estudyante sa unibersidad at iba pa

# Paunawa sa Scholarship na Suporta sa Kinabukasan ng Sakai para sa taong 2025

Ang scholarship na suporta sa kinabukasan ng Sakai ay sistema na ibinibigay na scholarship sa mga estudyante sa unibersidad at iba pa na nahihirapang mag-aral dahil sa pinansiyal na dahilan.

Ang scholarship na ito ay mula sa "Scholarship Fund ng Lungsod ng Sakai" na mga naipong donasyon at iba pa na ipinamimigay.

1. Mga taong karapat-dapat

   Taong makakatugon sa lahat ng mga sumusunod na kinakailangang (1) ~ (4)

(1) Estudyante sa **Unibersidad, Junior College, Kolehiyo ng Teknolohiya （maliban sa 1st ~3rd year）， paaralang bokasyonal (espesyalisadong kurso).**

(2) Patuloy na nakakatanggap ng **Grant-type na scholarship (1st hanggang 3rd division) na ipinatutupad ng JASSO (Japan Student Services Organization) mula Abril 2025 hanggang Setyembre 2025.**

(3) **Sa panahon mula Abril 30, 2025 hanggang sa araw ng aplikasyon, ang tirahan ng mismong aplikante o ng breadwinner ay sa loob ng Lungsod.**

(4) **Ang average ng grado ay nasa 3.0 o higit pa sa 5 ranking scale mula 0 hanggang 4.**

★Para sa mga detalye ay mangyaring tingnan ang likod na bahagi " 7. Ukol sa paraan ng kombersiyon ng grado".

2. Ipamimigay na halaga　　Halaga para sa isang taon　　**120,000 yen (isang bigayan)**

★Ang notisya para sa resulta ay ipapadala mga katapusan ng Enero.

3. Bilang ng pipiliin　　Humigit-kumulang **120 katao**

★ Pagpapasyahan mula sa ranking ng may pinakamataas ang grado.

**Dito ang elektronikong aplikasyon (mula Oktubre 1) at detalye ng sistema**

4. Panahon ng aplikasyon　　**Oktubre 1　hanggang 31**

5. Paraan ng Aplikasyon　　Mangyaring mag-apply sa pamamagitan ng kahit alin sa nakasulat sa ibaba.

◆Elektronikong aplikasyon

◆Sa pamamagitan ng koreo

Mag-fill up ng mga kinakailangang impormasyon sa form ng aplikasyon na naida-download mula sa homepage ng Lungsod ng Sakai (maaari mula Oktubre 1) o kaya ay sa ipinamimigay sa korner ng impormasyon ukol sa administrasyon ng Lungsod sa bawat munisipyo (ang sa munisipyo ng purok ng Sakai (Sakai-ku) ay sa sentro ng impormasyon ukol sa administrasyon ng Lungsod), dikitan ng selyo at ipadala sa Academic Affairs Division (〒590-0078 Sakai-shi, Sakai-ku, Minami Kawaramachi 3-1). May bisa ang may postmarked na Oktubre 31.

（Ipagpatuloy sa likod na bahagi）

6. Isusumiteng dokumento

(1) Form ng aplikasyon

(2) Dokumentong nagpapatunay ng ranking ng grado

(Halimbawa) 1st year ng Unibersidad at iba pa …mula sa unang taon hanggang sa huling taon sa high school at iba pa

2nd year ng Unibersidad at iba pa … mula sa unang taon sa unibersidad at iba pa hanggang sa oras ng aplikasyon

3rd year ng Unibersidad at iba pa …mula sa unang taon sa unibersidad at iba pa hanggang sa oras ng aplikasyon

4th year sa Unibersidad at iba pa …mula sa unang taon sa unibersidad at iba pa hanggang sa oras ng aplikasyon

4th year ng Kolehiyo ng Teknolohiya …mula sa unang taon hanggang sa 3rd year ng kolehiyo ng teknolohiya

5th year ng Kolehiyo ng Teknolohiya … mula sa 4th year ng kolehiyo ng teknolohiya hanggang sa oras ng aplikasyon

**★Kung ang sertipiko ay selyado, mangyaring isumite ito sa pamamagitan ng koreo nang hindi binubuksan. Kung hindi selyado, sa elektronikong aplikasyon ay maaari itong isumite sa pamamagitan ng pag-attach ng data.**

(3) Dokumentong nagpapakita na patuloy kayong tumatanggap ng JASSO scholarship (kategorya I – III) mula Abril hanggang Setyembre ng akademikong taon 2025.

7. Ukol sa paraan ng kombersiyon ng grado

Ang ukol sa paraan ng kombersiyon ng grado ay mangyaring gawing sanggunian ang hanay na nasa ibaba.

① Kombersiyon ng 5 ranking scale

| Sistemang ABC | Sistemang magaling, mabuti, posible | → | Kombersiyon |
|---|---|---|---|
| A | Shu (Napakatalino) | | 4 |
| B | Yu (Magaling) | | 3 |
| C | Ryo (Mabuti) | | 2 |
| D | Ka (Posible) | | 1 |
| E (Bagsak) | Hindi maaari | | 0 |

② Kombersiyon ng 4 ranking scale

| Sistemang ABC | → | Kombersiyon |
|---|---|---|
| A | | 4 |
| B | | 2.67 |
| C | | 1.33 |
| D (Bagsak) | | 0 |

③ Kombersiyon ng 6 ranking scale

| Sistemang ABC | → | Kombersiyon |
|---|---|---|
| S | | 4 |
| A | | 3.2 |
| B | | 2.4 |
| C | | 1.6 |
| D | | 0.8 |
| E (Bagsak) | | 0 |

8. Mga bagay na dapat tandaan

Mangyaring iwasang mag-apply kung tumatanggap na ng scholarship na hindi maaaring pagsabayin sa scholarship na suporta sa kinabukasan ng Sakai.

(Pakikipag-ugnayan) Seksyon ng Scholarship, Academic Affairs Division, Board of Education ng Lungsod ng Sakai

TEL：072-228-7485 FAX：072-228-7256